



79

*Banna*  
RESTY LOPEZ

## BANNA ng Ullalim ng Kalinga

**M**ahiyain at walang tiwala sa sarili si Banna na nakatira sa bayan ng Durawon. Nandoon ang pangangailangang buuin niya ang kanyang sarili. Dahil dito, pipilitin siyang maglakbay ni Dinnanayan, kanyang nanay, upang tingnan ang dalagang ipinagkasundong ipakasal sa kanya. Bibigyan si Banna ng kanyang nanay ng kuwintas na addongon, at ng mabangong langis ng niyog upang ayusin ang kanyang buhok. Naghanda rin si Banna ng nganga na maaari niyang ibigay sa sasadyang dalaga. Ngunit anumang ginawang paghahanda, hindi niya alam kung ano ang gagawin pagdating sa bayan ng Magobya kung saan nakatira ang dalagang Laggunawa. Hindi siya sanay makitungo sa mga dalaga. Ni hindi niya alam kung kailan ba dapat mag-akyat ng ligaw, kung sa umaga ba o sa gabi. Inakala niyang sa gabi kung kaya pinasok ni Banna ang bahay ni Laggunawa at natagpuang natutulog ang dalaga. Nagulat sa kanya si Laggunawa ngunit nabighani rin kinalaunan ang dalaga kay Banna dahil walang lalaking katulad niya sa Magobya. Nagpalitan sila ng nganga bilang tanda ng kanilang pagkakaunawaan. Kinaumagahan, natuklasan sila ng ama at ina ni Laggunawa, sina Suyyaba at Bayyoya. Ipinagtanggol naman ni Laggunawa si Banna na itinuturing na niyang asawa niya sa pagpapalitan nila ng nganga. Sa halip na magalit, malugod na tinanggap ng mga magulang ni Laggunawa si Banna bilang kanilang anak, gayong mag-isa lamang nilang anak si Laggunawa. Ibinigay ni Banna ang dala niyang addongon bilang bigay-kaya. Pinakain naman si Banna ng kanin ng pamilya ni Laggunawa.

Maayos na sana ang lahat para kay Banna. Inimbitahan na niyang bumalik sa Durawon kasama niya si Laggunawa. Ngunit may hiling sa kanya si Laggunawa. Nais nitong patayin niya ang higanteng Kumaw, ang pinuno ng kanilang kaaway. Muling bumalik ang pagdududa sa sarili ni Banna na baka hindi niya kayang patayin ang Kumaw. Mapipilitan muli siyang maglakbay upang buuin ang kanyang sarili. Pagdating niya sa bayan ng Baungan, natagpuan niyang naghahabi si Kumaw sa gitna ng nayon. Inutusan niya ang kanyang aliwwa, isang bolong pampugot ng ulo, na patayin si Kumaw. Ginawa ng aliwwa ang iniutos ni Banna. Kinuha ni Banna ang pugot na ulo ni Kumaw at binalot sa kumot na sambaya. Tinugis ng mga taga-Baungan si Banna; tumulong pati ang mga taga-Kayyakayya na kaaway nila. Nagtago si Banna sa gitna ng lawa ng Killayan ng Kayyakayya at doon siya nabinbin at napaligiran ng mga kaaway. Hindi niya nakayang makatakas doon sa loob ng tatlong paglipas ng tagtuyot sa lawa.

Si Gallawi ng Kabbasilla ang maaawa at magliligtas kay Banna upang makatakas sa lawa ng Killayan. Inutusan ni Gallawi ang mga uwak upang itakas si Banna sa lawa. Dinala ni Gallawi si Banna sa kanyang bayan ng Kabbasilla. Ngunit pagdating doon tiningnan ng mga taga-Kabbasilla si Banna bilang pagkakataon na ipaghiganti ang mga ninuno nilang pinatay ng mga taga-labas. Balak sana nilang lasingin na muna sa basi si Banna bago siya patayin. Akala ni Banna doon na nga siya mamamatay sa Kabbasilla. Ngunit nakaisip siya ng paraan. Sinabi niyang iinom lamang siya ng basi at kakain kung sasabayan siya ng isang babae mula sa Kabbasilla. Pinili ni Banna si Gassinu, anak na babae ni Gallawi. Ginamitan niya ang dalaga ng gayumang amaya. Napaibig niya si Gassinu kung kaya't hindi na siya ngayon mapatay ng mga taga-Kabbasilla. Sa halip, pinahintulutan silang mapakasal sa isa't isa. Nanatili muli si Banna ng tatlong panahon ng tagtuyot sa Kabbasilla.

Samantala, nakarating kay Dulliyaw, ama ni Banna, ang balitang nakarating siya sa Kabbasilla. Pinangambahan nilang napatay na nga si Banna sa nasabing bayan. Nilusob nina Dulliyaw ang Kabbasilla, kasama ni Wassigan na pinsan ni Banna. Kasama rin nila ang mayamang angkan ni Dungdungan mula Kagayan. Nakasuot silang lahat ng pula nang makitang paparating ng mga taga-Kabbasilla. Dito napatunayan ni Banna ang kanyang sarili. Tumayo siya bilang pinuno ng mga mandirigma ng Kabbasilla. Hindi niya alam na mga kamag-anak pala niya ang kanyang kalaban. Inihanda na ng magkabilang panig na utusang pumatay ang kanilang aliwwa. Sa gitna ng labanan, hindi tinatablan ng mga aliwwa si Banna. Saka lamang nakilala ni Wassigan si Banna; magkamag-anak pala sila. Natigil ang labanan at nauwi sa pagdiriwang sa pagkakatatagpo kay Banna, na ngayo'y isa nang ganap na tao. Nang marinig pa ng mga taga-Durawon kung paano niya napatay si Kumaw, lalo silang humanga sa kanya, pati ang kanyang ama na takot kay Kumaw.

Magkakaroon nga lamang ulit ng suliranin dahil dalawang dalaga na ngayon ang gustong maging asawa ni Banna. Nandoon si Laggunawa sa isang banda, at si Gassinu sa kabila. Pareho may anak si Banna sa kanilang dalawa. Baggasingga ang pangalan ng anak niya kay Gassinu. Linnawa naman ang pangalan ng anak niya kay Laggunawa. Ipinaglaban ni Laggunawa ang kanyang karapatan bilang unang pinakasalan ni Banna. Ipinaglaban naman ni Gassinu ang kanyang karapatan bilang ang tatay niya, si Gallawi, ang nagliligtas kay Banna sa lawa ng Killayan. May isa ring motibo si Gallawi na panatilihin ang kasal nina Gassinu at Banna. Nais nilang mapabilang sa isang mayamang angkan. Nakaamba muli ang alitan sa pagitan ng dalawang bayan kung hindi mahahanapan ng sagot ni Banna. Nakatatagpo lamang ng solusyon si Banna nang mapatay ni Gassinu ang isang kamag-anak ni Laggunawa na napagkamalan nitong apo ni Banna kay Laggunawa. Samantala, anak lamang

ang maipagmamalaki ni Gassinu kay Banna. Sa kahihyan at takot, tumakas si Gassinu pabalik ng Kabbasilla. Muling narinig ang angnganay, ang sigaw ng kamatayan, sa bayan ng Durawon. Ngunit ngayon, sa halip na hikayatin na ipagpatuloy ang paghihiganti, pahihintuin na ni Dinnanayan si Banna sa kanyang pakikipagsapalaran. Siya rin naman ang unang pumilit kay Banna na maglakbay upang buuin nito ang kanyang sarili. Kung kaya, sa halip na maghihiganti, mamumuhay na lamang nang mapayapa sa bayan ng Durawon sina Banna at Laggunawa.

**Sanggunian:**

Gaano Laudi, tagapag-awit. *Ullalim Banna: A Kalinga Epic*. Itinala at isinalin ni Ernesto A. Constantino, na may kasamang pambungad ni Tsunekazu Moriguchi. Kyoto: Endangered Languages of the Pacific Rim Publications, 2002.